


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# 3

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 6:
## Kultura ko, Kultura Mo, Magkaiba, Magkapareho



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Andresa P. Mayol
Maria Fe B. Petalcorin

**Editor:** Arcilie Y. Quimado

**Tagasuri:**

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**

**Tagalapat:** Bernadeth N. Pasaylo

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan



# Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. Nakasaad dito ang kumptensi na tatalakayin at hihimayin sa aralin ng linggo na ito.

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang ikaw ay:

Naihahambing ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga kaugalian, paniniwala at tradisyon sa sariling lalawigan sa karatig lalawigan sa kinabibilangang rehiyon at sa ibang lalawigan at rehiyon.



# Balikan

Sa nakaraang aralin ating napag-alaman ang kwento na tungkol sa magkakatulad at magkakaibang kaugalian, paniniwala at tradisyon ng ibat ibang Rehiyon.

Panuto: Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong sulatang papel.

1. Ano ang tawag sa pista ni Sr. Sto. Niño na idinaraos ng mga taga Rehiyon IX tuwing ikatlong linggo ng Enero?
   a. Ati-atihan
   b. Kadayawan
   c. Sinulog
2. Alin sa mga sumusunod na tradisyon ang idinaraos tuwing ika-25 ng Disyembre?
   a. Bagong taon
   b. Pasko
   c. Piyesta
3. Alin sa mga sumusunod ang nagsasaad ng mabuting kaugalian na likas sa bawat Pilipino?
   a. Pagmano ng kamay sa nakakatanda
   b. Pagiging mapang-api
   c. Pagiging tamad sa anumang gawain sa tahanan
4. Paano mo mabibigyang - halaga ang mga nasabing kaugalian, paniniwala at tradisyon sa iba't-ibang Rehiyon?
   a. Pagtawanan ang mga ito.
   b. Pintasan ang mga taong naniniwala tungkol dito.
   c. Pagsunod dito at ibahagi sa iba ang nalalaman.
5. Alin sa mga paniniwalang ito ang nagsasaad o nangangahulugan na "mayroong darating na bisita"?
   a. Pag may nahulog na tinidor.
   b. Pag may nahulog na plato.
   c. Pag may nahulog na baso.

| Aralin 5 | Kultura ko , Kultura Mo , Magkaiba , Magkapareho |
|---|---|

## Tuklasin

**Ako at ikaw, saan nga ba nagkaiba?**

Araw ng lunes, magkasamang naglalakad ang magkaibigang Sofie at Christian habang patungo sa paaralan. Masaya sila habang nag-uusap sa bago nilang napag-aaralang leksiyon. Sa wakas ay mararating din nila ang kanilang paaralan, ang Sto. Niῆo Elementary School. Doon ay nakita nila ang kanilang mga kapwa mag-aaral na naghihintay sa labas.

Napansin nila ang isang batang babae na nakahiwalay sa karamihan. Nilapitan nila ito at kinausap. Ang kanyang pangalan ay si Barbie, isang bagong lipat na mag-aaral. Nalaman nila na kalilipat lamang ng kanilang tirahan sa kanilang lugar kung kaya't siya ay doon na mag-aaral. Nahihiya man ay nakipagkamay ang bagong mag-aaral.

Nang walang ano-ano ay dumating ang kanilang guro na si Mrs. Mayol. "Magandang Umaga po, Mrs. Mayol!," ang bati ng mga mag-aaral. "Magandang Umaga rin naman, halina kayo sa ating silid-aralan." Pumasok na rin ang mga mag-aaral sa silid-aralan. Ipinakilala ni Mrs. Mayol ang bagong mag-aaral sa kanilang klase. Siya ay nagmula sa Rehiyon XI, Davao. Tinawag niya si Barbie upang magpakilala at magbigay ng impormasiyon tungkol sa kanyang sarili.

Nalaman nila na Sinugbuanong Binisaya ang kanyang diyalekto. Nagdaraos din ng mga piyesta sa kanilang lalawigan. Isa sa mga piyesta na dinarayo ng ibang lalawigan ang Piyesta ni Senyor Sto. Niῆo na tinatawag na "Ati-Atihan". Na dinaraos tuwing

ikatlong linggo ng Enero. Katulad sa piyesta sa Rehiyon IX na tinatawag na “Sinulog”.

Ipinagpatuloy ni Mrs. Mayol ang pagtalakay sa Rehiyon XI bilang bahagi ng kanilang aralin. Ang mga Davaoeῆo ay magalang, matatag, masipag, maka-Diyos at matulungin.

Mayroon din silang pagbabayanihan, pakikisama, pagtanaw ng utang na loob at mabuting pagtanggap sa mga bisita. Masayahin din sila tulad ng mga taga Region IX. Kung kaya’t nahahawig ang kaugalian dito.  Maging sa paniniwala at tradisyon ay nagkakapareho sila.

Naniniwala din ang mga Davaoeῆo ng pamahiin at mga kasabihan.  Ilan sa mga tradisyon na mayroon sila ay Pasko, Piyesta at Bagong Taon. Ang “pagmamano ng kamay” ay pagpapakita ng paggalang sa nakakatanda.  Pagkatapos ng talakayan ay nag-iwan ng pangkatang gawain si Mrs. Mayol. Lumapit ang mga kamag-aaral nila kay Barbie at kinausap siya upang maging kaibigan nila.

Ayon kay Mrs. Mayol, mahalagang malaman ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga rehiyon. Nagkakatulad at nagkakaiba man ng kaugalian, paniniwala at tradisyon subalit nagkakaisa sa pagpapanatili nito.



# Suriin

Anu-ano ang mga kaugalian, paniniwala at tradisyon ng sa iyong Rehiyon?

Sa lahat ng kwento na tungkol sa magkakatulad at magkakaibang kaugalian, paniniwala at tradisyon ng iba’t-ibang Rehiyon, mayroon ka bang hindi malilimutang halimbawa nito?

Bakit mo nagustuhan ang nasabing kaugalian, paniniwala o tradisyon ng nasabing Rehiyon?

Paano mo mabibigyang - halaga ang mga nasabing kaugalian, paniniwala at tradisyon sa iyong Rehiyon?



# Gawain

Gawain 1

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang patlang kung ang mga ito ay nagpapakilala sa ating lalawigan at Rehiyon IX at ekis (X) naman kung hindi.

___________1.Museyo ni Dr. Jose Rizal sa Dapitan

___________2. Mabuting asal at sining


___________3.Windmill

___________4. Durian

___________5.Megayon Festival

Gawain 2

A. Panuto: Kompletohin ang "**semantic web".** Ito ay tungkol sa kultura ng iyong sariling lalawigan.





# Pagyamanin

Panuto: Hanapin sa "Word Puzzle" ang mga mahahalagang salita na makikita sa ating talakayan ngayon. Isulat ito sa iyong sulatang papel

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | N | I | N | I | W | A | L | A |
| A | X | A | D | O | K | A | R | D | L |
| S | H | I | D | Y | H | S | E | J | K |
| D | Y | L | A | S | G | V | H | M | J |
| F | T | A | M | I | V | L | I | N | H |
| G | R | G | B | D | X | J | Y | J | G |
| H | E | U | D | E | V | Q | O | H | F |
| B | W | A | M | R | I | T | N | Y | D |
| C | Q | K | H | T | Y | Y | F | R | S |
| K | U | L | T | U | R | A | G | T | V |



# Isaisip

Panuto: Pumili ng mga salita sa loob ng kahon upang mabuo ang bawat pahayag. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| paniniwala | Pasko | Bagong Taon |
| pagmano | Sinugbuanong Binisaya | Piyesta |

1. Isang ____________ ng mga lalawigan na kapag mayroong nahulog na tinidor, may darating na bisitang lalaki.

2. Ang _____________ sa nakakatanda ay isang paraan ng pagpapakita ng paggalang.

3. _______________________________ ang diyalekto ng mga taga Zamboanga Peninsula at Davao.

4. Ang ____________ ni Senyor Sto. Niño ay isa sa mga ipinagdiriwang ng iba't-ibang lalawigan. “Ati-Atihan ang tawag ng mga taga Davao rito at Sinulog naman ang tawag dito sa Zamboanga Peninsula.

5. Ipinagdiriwang ng bawat lalawigan ang pagsalubong sa ________________. Ito ay nagaganap ilang oras bago sumapit ang unang araw ng bawat taon.



# Tayahin

Panuto: Lagyan ng tsek (√) kung ang nasabing Gawain ay ginawa ng kultura sa lalawigann at rehiyon at ekis ( x ) naman kung hindi.

_________1. Pagpapalaganap ng turismo sa lalawigan at rehiyon.

_________2. Pagpapadami ng krimen at kaguluhan.

_________3. Pagtaas ng klase sa pamumuhay ng mga tao.

_________4. Pagdami sa problema sa pamayanan

________5. Pananatili ng mga kaugalian, paniniwala at tradisyon.

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

1. c
2. b
3. a
4. c
5. a

**Gawain**

**Gawain 1**

1. √
2. √
3. x
4. x
5. √

**Gawain 2**

Maaaring magkaiba ang sagot

**Pagyamanin**

1. Paniniwala
2. Tradisyon
3. Kaugalian
4. Kultura
5. Rehiyon

**Isaisip**

1. paniniwala
2. pagmano
3. Sinugbuanon g Binisaya
4. piyesta
5. Bagong Taon

**Tayahin**

1. √
2. X
3. √
4. X
5. √

# *Sanggunian:*


Araling panlipunan 3 Kagamitan sa Mag-aaral MELC 2020 Pahina 35

Dejerio-Balsamo, C., Briones, M. C., Gallemit, F. S., Silod, L. M., Telempros, B. P., Apepe, A. D., & Bantilan, M. B.. Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Mag-aaral Rehiyon IX-Zamboanga Peninsula. Pasig City: Studio Graphics Corp. (2019)

Manalo, T. G., Capunitan, C. A., Galarosa, W. F., & Sampang, R. C. Araling Panlipunan 3 Patnubay ng Guro. Pasig City: Book Media Press, Inc. (2015)

Regional Cultural Profile. ncca.gov.ph. http://www.ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/articles-on-c-n-a/article.php?igm=4&i=252

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.